

## Legion Prayers - Filipino-Tagalog

### Panalangin sa Pasimula

Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Siya Nawa.  
V. Halina, O Espiritu Santo, laganapin mong lubos ang puso ng mga tapat sa iyo at papag-alabin sa kanila ang apoy ng Iyong Pag-ibig. Ipadala ang iyong Espiritu at mangyayari sila.

R. At Iyong mababago ang lupang ibabaw.

Tayo'y Manalangin:

O Diyos na aming Ama, ipagkaloob Mo ang mga handog ng Iyong Banal na Espiritu sa daigdig. Isinugo Mo ang Espiritu sa Iyong Simbahan upang simulan ang pagtuturo ng Ebanghelyo. Hayaan Mo ngayon na ipagpatuloy ng Espiritu ang paggawa sa daigdig sa pamamagitan ng mga puso ng lahat ng sumasampalataya. Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen

V. O Panginoon, buksan Mo nawa ang aking mga labi.  
R. At pupurihin ka ng aking bibig.  
V. O Diyos, ilawit sa akin ang iyong tulong.  
R. O Panginoon, madali ka sa pagsaklolo sa akin  
V. Luwalhati sa Ama at sa Anak at sa Espiritu Santo.  
R. Para noong una, ngayon at magpakailan man at magpasawalang-hanggan. Siya Nawa.

(Dasalin ang limang misterio ng SANTO ROSARIO at ang ABA PO SANTA MARIANG HARI)

V. Ipanalangin mo kami, O Santang Ina ng Diyos.  
R. Nang kami'y maging karapatdapat sa mga pangako ni Kristo. Siya Nawa.

Tayo'y Manalangin:

O Diyos na ang bugtong na Anak ay nabuhay, namatay, at muling nabuhay, upang tamuhin para sa amin ang gantimpala na walang katapusang kaligtasan, aming isinasamo na ipagkaloob Mo sa amin, sa pagdidilidili ng mga misteryo ng kabanal-banalang Rosaryo ng Kamahal-mahalang Birhen Maria, na matularan ang kanilang nilalaman at matamo ang kanilang ipinangangako sa tulong ng aming Panginoon. Siya Nawa.

V. Kamahal-mahalang Puso ni Jesus  
R. Maawa ka sa amin.  
V. Kalinis-linisang Puso ni Maria  
R. Ipanalangin mo kami.  
V. San Jose  
R. Ipanalangin mo kami.  
V. San Juan Evangelista  
R. Ipanalangin mo kami.  
V. San Luis Maria ng Montfort  
R. Ipanalangin mo kami.

### Catena Legionis:

Antipona:

"Sino siyang dumarating, marilag na tulad sa buwang-liwayway, magandang tulad sa buwan, maningning na parang araw at kakila-kilabot na tulad sa dumadaluhong na hukbo?"

+ Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,  
At nagagalak ang aking espiritu sa Diyos na aking Tagapagligtas.

Sapagka't nilingap niya ang Kanyang alipin! At mula ngayon, ako'y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi.

Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan - Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya, sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita Niya ang lakas ng Kanyang bisig. Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono. At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.  
Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom at pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Israel bilang pagtupad sa pangako niya sa ating mga magulang.

Kay Abraham at sa kanyang lahi magpakailanman.

Luwalhati sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.

Para noong una, ngayon at magpakailan man at magpasawalang hanggan. Siya Nawa.

Antipona:

"Sino siyang dumarating, marilag na tulad sa buwang-liwayway, magandang tulad sa buwan, maningning na parang araw at kakila-kilabot na tulad sa dumadaluhong na hukbo?"

V. O Maria, ipinaghihing walang sala.  
R. Ipanalangin Mo kaming dumudulog sa iyo

Tayo'y Manalangin:

O Panginoong Hesukristo, aming Tagapamagitan sa Ama na nagpaging dapat italaga ang pinagpalang Birheng Mariang Iyong Ina na amin ding maging Ina at Tagapamagitan sa Iyo, buong awa Mong ipagkaloob sa sinumang lumalapit at sa Iyo'y napaaampon na tamuhin ang Iyong tulong alang-alang sa Iyong Ina. Siya Nawa.

### Panalangin Pangwakas:

Sa ngalan ng Ama, at ng Anak at ng Espiritu Santo. Siya Nawa.

Sa iyong tangkilik kami'y dumudulog, O Banal na Ina ng Diyos, huwag Mo nawang siphayuhin ang aming mga dalangin sa aming pangangailangan kundi bagkus iligtas Mo kami sa lahat ng panganib o maluwalhati at pinagpalang Birhen.

V. Kalinis–linisang Maria,  
Tagapamagitan ng lahat ng biyaya  
(Panawagang angkop sa Praesidium)

R. Ipanalangin mo kami.

V. San Miguel at San Gabriel

R. Ipanalangin ninyo kami.

V. Lahat kayong makalangit na kapangyarihan, Legion ng mga Anghel ni Maria

R. Ipanalangin ninyo kami.

V. San Juan Bautista

R. Ipanalangin mo kami.

V. San Pedro at San Pablo

R. Ipanalangin ninyo kami.

V. Manalangin Tayo:

Ipagkaloob mo, O Panginoon, sa amin

Na nalilingkod sa ilalim ng watawat ni Maria,

Ang buong pananalig sa Iyo at pagtitiwala sa Kanya,

Na pinagkatiwalaang sumakop sa sandaigdigang.

Bigyan mo kami ng buhay na pananampalataya, na pinag-alab ng pag-ibig,

Na magbibigay sa amin ng lakas, upang maisagawa ang lahat.

Dahil sa dalisay na pag-ibig sa Iyo.

At makita ka magpakailanman at mapaglingkuran ka sa pagkatao ng aming kapuwa.

Isang panananampalatayang matatag at di-matitinag na tulad sa isang bato,

Na tahimik at panatag na mapagpapahingahan.

Sa gitna ng sakit, hirap, at pagkasiphayo sa buhay.

Isang mabisang pananampalatayang sa amin ay magbubunsod

Upang maisakatuparan at maisabalik na walang pasubali

Ang mga dakilang bagay ukol sa Diyos at sa kaligtasan ng mga kaluluwa;

Isang pananampalatayang magiging haliging apoy ng aming Legion,

Upang kaming nakakaisa ay pangunahan,

Upang pagningasin saanman ang apoy ng mabathalang pag-ibig.

Upang tanglawan ang nasa kadiliman at nasa lilim ng kamatayan,

Papag-alabin ang mga nanlalamig,

Upang muling buhayin ang mga nangamatay sa kasalanan;

Na papatnubay sa aming paglakad sa landas ng katahimikan.

Upang pagkatapos ng pakikipaglaban sa buhay na ito ay muling maipon ang aming Legion na wala isa mang nawala.

Doon sa kaharian ng iyong Pag-ibig at Kaluwalhati nang walang hanggan. Siya Nawa.

Ang mga kaluluwa ng aming mga yumaong kasamahan o Legionario at ng lahat ng tapat sa Iyo,

Sa awa ng Diyos ay mapanatag nawa sa Kapayapaan. Siya Nawa.

Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo. Amen.